DepEd Regional Office No. 02
DOCS ID No: 080524019
Created by: Records
Date Created: 08/05/2024

2, Agosto 2024

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
DATE: 8/7/24
TIME: 3:21 PM
BY:
DIVISION OF NUEVA VIZCAYA

REGIONAL OFFICE 02
RECEIVED
DATE: 08-05-2024
BY:
RECORDS SECTION

**Dr. BENJAMIN PARAGAS**
DEPED Region 2
Direktor
City of Tuguegarao 3500

Kgg na Dr. Paragas,

Maalab na Pagbati!

Ang pagdiriwang sa Buwan ng Wika ay taon-taong isinasagawa ay nakatugon sa Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa, at naglalayon na maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito. Kaugnay nitong pagdiriwang sa Taong 2024, ang ISTAR kasama ang mga partner na organisasyon at ahensiya, at Komisyon sa Wikang Filipino ay magpapasimuno ng pagdaigdigang pagdiriwang sa Buwan ng Wika. Ito ay may layuning, ganap na maipatupad ang pampanguluhang proklamasyon Blg. 1041, maiangat ang kamalayan ng mamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito; mahikayat ang lahat ng mga publiko at pribadong paaralan na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika; at magganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay ***"Filipino: Wikang Mapagpalaya."*** Binibigyang tingkad nito ang wikang Filipino bilang instrumentong nagpapalaya. Umaaasa po kaming kayo po ang aming kabahagi upang lalo pang mapalalim ang pag-ibig sa bayan at sa lahat ng mga kaugnay nito gamit ang ating pambansang wika at mga iba pang wikang katutubo bilang saligan ng isang diwang makabayan, tangi at sarili, malayo sa impluwensiya ng kolonyalismo.

Kaugnay po nito, nais po naming hilingin ang inyong suporta sa pamamagitan **pag-endorso** sa pandaigdigang pagdiriwang na ito na mahikayat ang mga guro at iba pang mga propesyonal mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad ng rehiyon at ahensiya, kasama rin ang mga ating mga stakeholders lalo na ang mga gradweyt natin, mga kakilala, kamag-anak, kaibigan, mga nagtartrabaho sa Pilipinas at sa ibang bansa na dumalo sa nabanggit na pandaigdigang pagdiriwang.

Ang webinar na ito, may mga patimpalak, ***libre*** at walang hinihinging anumang kabayaran. Ito ay bilang bahagi ng pagpapaunlad at pakikiisa sa adhikain ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa suporta ng Ilocos Sur Polytechnic State College, International Society for Teachers, Administrators and Researchers Inc. kasama ang International Chamber of Authors, Researchers and Editors, Lyceum Northwestern University, Rajamangala University of Technology Lanna Tak, Kasetsart University, Komisyon sa Wikang Filipino, International Alliance of English Language Teachers, University of Northern Philippines- CAS-DLH, MEXTESOL - Mexican Association of Teachers of English, DepEd Tagudin National High School, at DepEd Dagupan City National High School

Sa mga nais pong dumalo, magparehistro sa link na ito. https://forms.gle/ScNsmSVL84UsknHy6 o kaya mag-email sa buwanngwikaistar@gmail.com. Maaari ding makipag-ugnayan kina Dr. Ma. Jesusa R, Unciano (09175683144) at Dr.Christian C. Gandeza (09109706501) para sa karagdagang impormasyon.

Maraming salamat sa patuloy na pakikiisa. Inaasahang ang pagdiriwang ay makapag-aambag sa ikatatatag ng wika bilang matibay at matatag na behikulo upang mabago ang isipang kolonyal na tuluyang mapag-isa ang diwa ng isang bansang nagpapahalaga sa kanyang bayan.

Kalakip nito ang tentatibong programa para sa pagdiriwang.

DEPED REGIONAL OFFICE 02
RELEASED
DATE: 08-07-2024
BY:
RECORDS SECTION

**Rommel V. Tabula, DALC, PhD**
Founder & President Emeritus, ISTAR

August 7, 2024

To: **ALL SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENTS**

For information, dissemination and appropriate action.

**BENJAMIN D. PARAGAS PhD, CESO III**
Director IV / Regional Director

# Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024

**Tema: "Filipino: Wikang Mapagpalaya."**
**Agosto 29-31, 2024 (8:00-5:00 ng hapon)**

**TAGAPAGDALOY:**
**Dr. MONITA POPS AMBROCIO**
**Dr. ANNABELA G. DEL ROSARIO**

| PROGRAMA | ISPEKER/KASANGKOT |
|---|---|
| Panalangin Para sa Pagbukas ng Programa<br>Pambansang Awit ng Pilipinas | **Dr. JAN MICHAEL TOLENTINO**<br>**Pangulo, ISTAR, Philippines**<br>**Fakulti, ISPSC** |
| Pambungad na Salita | **Dr. CHRISTIAN C. GANDEZA**<br>Ulo ng Programa<br>Pangulo, ISTAR Global at Fakulti, ISPSC |
| Rasyonale | **DR. JOHN EDUARD ADVINCULA**<br>Fakulti, Carlos Hilado Memorial State University |
| Pagpapakilala | **Dr. MARIBETH T. SAGUN**<br>DepEd |
| Mensahe | **DR. CHRISTINE NABOR FERRER**<br>CHED, Direktor IV ng Rehiyon 1 |
| Pagpapakilala sa Unang Tagapagsalita | **MARJORIE PENDADEN**<br>Fakulti, Ilocos Sur Polytechnic State College-Tagudim Campus |
| *Unang Tagapagsalita* | **Prop. QUANG N. NGUYEN**<br>ISTAR Vietnam<br>Nova College, Vietnam |
| *Ikalawang Tagapagsalita* | **PROP. SAWITRI SUWANAROA**<br>ISTAR, Thailand<br>Fakulti, Rajamangla University of Lanna Tak, Thailand |
| Ikatlong Tagapagsalita | **Dr. MA. JESUSA R. UNCIANO**<br>Fakulti, UNP, Philippines |
| Ikaapat na Tagapagsalita | **DR. ROMMEL V. TABULA**<br>Fakulti, Kasetstart University, Thailand |
| Reakto ng Panayam | **Dr. CLAIRE ANTONETTE V. SANTISTEBAN**<br>Fakulti, ISPSC |
| **HAPON** | |
| Pagpapakilala | **Dr. WENDELLE LIVED**<br>Fakulti, Saint Paul College of Ilocos Sur |
| Mensahe | **Dr. MARGARITA BALLESTEROS**<br>Director IV, DepEd Internationalization |
| Pagpapakila sa Tagapagsalita | **Dr. MARION LAGUERTA**<br>Fakulti, Polytechnic University of the Philippines |
| Ikalimang Tagapagsalita | **DR. FRANCES S. NICOLAS**<br>Fakulti, Mariano Marcos State Univeristy |
| Pagpapakila sa Tagapagsalita | **Dr. CARINA SANCON**<br>Fakulti, Laguna State Polytechnic University-Siniloan Campus |
| Ikaanim Tagapagsalita | **Dr. SANTIAGO REOLALAS**<br>Fakulti, UNP |
| Ikapitong Tagaapagsalita | **Prop. CRISTIAN MAURICIO**<br>Mextesol, Mexico |
| Reaktor | **Dr. DANCEL SAPIGAO**<br>Fakulti, Laguna State Polytechnic University-Siniloan Campus |

| | |
|---|---|
| Panalangin<br>Awit para sa Bayan | **ISTAR/DEPED NCR** |
| Pasasalamat | **Dr. MATHERESA MACALTAO**<br>Fakulti, Pangasinan State University<br>Ka-Ulong Programa |

| | |
|---|---|
| Pampinid na Pagsasalita | **Dr. Ma. JESUSA R. UNCIANO**<br>Ulo ng Programa, UNP |
| Anunsyo<br>Paggawad ng Sertipikp<br>Paggawad sa mga Nanalo<br>Pagkuha ng Larawan | **CHRISTIAN C. GANDEZA**<br>Ulo ng Programa, ISPSC<br>**Dr. Ma. JESUSA R. UNCIANO**<br>Ulo ng Programa, UNP<br>**Dr. ROMMEL V. TABULA**<br>Pangulo, ISTAR |

ADVISORY Date: 8-12-21

To: (✓) PSDS/DICs (✓) Elem/Sec School Heads
(✓) Private Schools ( ) Others:
For: (✓) Information (✓) Dissemination
( ) Guidance

**ORLANDO E. MANUEL PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

By: ASDS CID Chief SGOD Chief AO Atty Signature: